# BIOTEST

Your reliable home test kits series

# Urinary Tract Infection Test Kit

**Product Code 9 555223 208067**
**For in vitro diagnostic and self testing use**
**Store at (15-30ºC)**

## Paraan ng pag-gamit

Basahin mabuti ang ang mga impormasyon sa papel na ito bago gawin ang test. Siguraduhin i-check ang packaging para sa expiration date, huwag ng gamitin ang test kit kung nakalipas na ang petsa na nakatatak sa packaging foil. Huwag ilagay ang strips sa refrigerator o freezer sapagkat ito ay sensitibo sa matataas at mababang temperatura, huwag hawakan ang reaction area ng strips at iwasan na mabasa ito. Gamitin kaagad ang strip pagkatapos itong buksan

## Prinsipyo ng Test

Ang Urinary Tract Infection (UTI) o impeksyon sa ihi ay problema ng milyun-milyong tao kada taon. Ito ay sanhi ng bakteriya na nakapapasok sa daluyan ng ating ihi (urethra) bladder (ang organ na kumokolekta ng ating ihi) at ureter ang daluyan ng ihi patungo sa bladder. Karaniwang mga babae ang nagkakaroon ng sakit na ito kumpara sa mga lalaki. Mayroong dalawang uri ng UTI na mayroong magkaibang sintomas ito ay ang Lower UTI (Cystitis and Urethritis) at Upper UTI (pyelonephritis) Ang mga sintomas ng Lower UTI ay pananakit ng balakang, dugo sa ihi, maulap o malabong uri ng ihi, makirot o mahapding pag-ihi, lagnat, at ang madalas na pag-ihi o balisawsaw. Ang sintomas ng Upper UTI ay panlalamig, mataas na lagnat, pakiramdam na naduduwal, pananakit sa ilalim ng tadyang at pagsusuka.

Ang BIOTEST Urinary Tract Infection Test Kit ay idinisenyo upang tukuyin ang bilang ng white blood cells (puting dugo), red blood cells RBCs (mga pulang dugo) at bakteriya. Ang mga puting dugo (white blood cells) ay responsable upang labanan ang anumang impeksyon sa loob ng ating katawan. Kung mayroong white blood cells ito ay indikasyon ng impeksyon. Kapag nagkaroon ng impeksyon, ang white blood cells ay lilipat sa ugat na dinadaluyan ng dugo na nakapalibot sa urinary tract saka papasok sa lumen upang patayin ang bakteriya. Ilan sa mga uri ng bakteriya ay ang E.coli na may kakayahang makabuo ng nitrite

Ang BIOTEST Urinary Tract Infection Test Kit ay mayroong dalawang strips, ginagamit ito upang tukuyin ang presensya ng white blood cells (leukocytes), red blood cells (RBCs) at Nitrites sa iyong ihi. Dito malalaman kung ikaw ay positibo sa UTI o Urinary Tract Infection. Upang malaman ang resulta, ikumpara lamang ang kulay na lumabas mula sa ginamit na strip sa kahon ng Biotest Test Kit kung saan matatagpuan ang mga naka-print na kulay na pagkukumparahan. Ang BIOTEST Kit ay higit na may kakayahan kumpara sa microscopic test, kaya nitong matukoy ang selula ng puting dugo kung ito ay buo pa sapagkat trabaho nito na makita ang enzyme na siyang inilalabas ng leukocyte.


## Mga pag-iingat at babala

- Basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa papel na ito bago gawin ang pagsusuri
- Huwag ng gamitin ang test kit kung ito ay ay expired na
- Kung ang pakete ay hindi selyadong maigi huwag na itong gamitin.
- Ang test kit ay sensitibo sa temperatura hindi ito dapat buksan sa lugar na sobrang lamig at sobrang init. Dapat buksan ito sa room temperature lamang
- Gawin ang test sa lugar kung saan may sapat na liwanag
- Kailangan gamitin agad ang test kit kung nabuksan na ang packaging foil nito
- Huwag hawakan ang test area, ito ang pinaka importanteng parte ng strips na ilulubog sa specimen o ihii. Laging tandaan na ito ay sensitibo, kung hindi susundin ang mga babala maaaring maapektuhan ang ilalabas na resulta.
- Gamitin ang kasamang cup at itapon pagkatapos gawin ang test
- Ang pouch ay may kasamang silica gel upang maiwasan ang moisture. Huwag itong buksan at itapon kasama ng mga ginamit sa test.
- Huwag itong ilagay sa Freezer o pagyeluhin
- Pagkaraan gawin ang test, pagsama samahin ito at saka itapon. Huwag kalimutang maghugas ng kamay
- Ang natirang ihi ay itapon sa toilet bowl
- Siguraduhing hindi maaabot ng mga bata
- Ito ay hindi iniinom at ginagamit lamang externally

## Paano gamitin

Gamitin ang plastic cup para sa pagkolekta ng ihi. Siguraduhin gawin kaagad ang tests pagkaraan kunin ang iyong ihi. Importanteng sundin ang bawat gabay upang makuha ang tama o wastong resulta

1. Ihanda ang kukuhaning ihi
2. Tanggalin ang strip mula sa lalagyan. Tignan ang posisyon kung saan makikita ang leukocytes, RBC's at nitrites. Ang light pink ay tumutukoy para sa leukocytes, kulay puti para sa nitrites at dark yellow para sa dugo. Tignan rin ang chart ng mga kulay na makikita sa box.




3. Ilubog ang test strip sa ihi ng hindi hihigit sa isang (1) segundo
4. Langat o tanggalin ang test strip mula sa ihi at ipagpag upang matanggal ang sobrang ihi, i-posisyon ng patayo kung san mas madaling makikita ang mga kulay.
5. Maghintay ng 30 - 60 segundo
6. Basahin ang resulta at ikumpara sa mga kulay na matatagpuan sa likod ng box ilapat ang strips sa box katabi ng mga kulay upang mas madaling matukoy ang lumabas na resulta
7. Tukuyin ang pinkamalapit na kulay. Kung napansin na ang mga kulay ay nasa gilid lamang mas nakabubuting ulitin ang test

## Resulta

Ang mga kulay na matatagpuan sa box ang nagsasabi ng dami ng leukocytes, nitrites o RBC na nakita mula sa iyong ihi. Masasabing positibo sa Urinary Tract Infection kung lalabas ang alinman sa leukocytes, nitrites o RBCs. Ano mang kulay na naiiba mula sa kulay na nagsasabing negatibo ay ikokonsiderang positibo sa impeksyon.

| Resulta para sa Leukocytes | Resulta para sa Nitrite | Resulta para sa RBCs | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Positibo | Positibo | Positibo | Mayroong impeksyon sa ihi. Mayroong nakitang bakteriya. Ang presenya ng dugo ay nagsasabing may malalang impeksyon. Kumonsulta kaagad sa doktor. |
| | | Negatibo | Mayroong impeksyon sa ihi. Mayroong nakitang bakteriya. Kumonsulta kaagad sa doktor. |
| | Negatibo | Positibo | Mayroon kang urinary tract infection. Maaaring mayroon bakteriya na walang kakayahang magproduce ng nitrite. Ang presensiya ng dugo ay nagsasabing may malalang impeksyon. Kumonsulta kaagad sa doktor |
| | | Negatibo | Mayroong impeksyon sa ihi at maaaring mayroong bakteriya na walang kakayahang magproduce ng nitrite |
| Negatibo | Positibo | Positibo | Ang resultang nakuha ay hindi karaniwan, ulitin muli ang test. Kung parehong resulta ang nakuha maaaring ikaw ay positibo sa UTI. Ang presensya ng dugo ay nagsasabing may malalang impeksyon. Kumonsulta kaagad sa doktor. |
| | | Negatibo | Ang resultang nakuha ay hindi karaniwan, ulitin muli ang test. Kung parehong resulta ang nakuha maaaring ikaw ay positibo sa UTI. Ang presensya ng dugo ay nagsasabing may malalang impeksyon. Kumonsulta kaagad sa doktor. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Negatibo | Positibo | Walang impeksyon sa ihi<br><br>Ang pagkakaroon ng dugo sa ihi ay maaaring may kinalaman sa iba pang kondisyon gaya ng pagkakaroon ng bato sa iyong kidney, sobrang pag-eehersisyo, problema sa iyong prostate (para sa mga lalaki) o di kaya ay problema sa dugo. Kumonsulta agad sa doktor. |
| | | Negatibo | No urinary tract infection .<br>Walang impeksyon sa ihi |

**Payo**

Ang BIOTEST Urinary Tract Infection ay nagsisilbing paunang screening o gabay lamang. Dapat maunawaan na ang strip ay sensitibo sa ating kapaligiran gaya ng temperatura, sangkap o elemento na hindi nakikita ng ating mga mata. Sa ganitong pagkakataon maaaring hindi angkop ang kulay na lumabas mula sa strip. Ang mga sumusunod na gamot ay maaaring makaapekto sa resulta ng pulang selula ng dugo cephalexin, gentamicin, oxalic acid, oxidizing agent at tetracycline. Para naman sa nitirite ito ay ang mga sumusunod oral contraceptives, phenazopyridine, antibiotics, anti-inflammatories (corticosteroids and phenylbutazon) at ascorbic acid.

Kung ikaw ay positibo sa Urinary Tract Infection kaagad na ikonsulta ang iyong kondisyon sa doktor at magpasuring muli upang mabigyan ng nararapat na gamot. Kung ikaw ay negatibo sa Urinary Tract Infection ngunit nakararanas ng mga sintomas mas mabuting ikonsulta kaagad ito sa doktor.

Tandaan na ang Biotest Test Kit ay ginagamit lamang bilang paunang screening mas makabubuting komunsulta o sumangguni sa inyong doktor upang kumpirmahin ang nakuhang resulta.

IFU-BT-UTI-v3.2013

pamamagitan ng Atlas Medical
William James House, Cowley Road, Cambridge, CB4 0WX, UK
BIOTEST is a trademark of Bio-gro Sdn Bhd.
**www.bio-test.info**

If there is any inconsistency or ambiguity in any of the languages or translations in this Instruction for Use (IFU), the English Language version is the authoritative version.

| **ISO 639-2 Code** | **Language** |
|---|---|
| ENG | English Language |
| MAY | Bahasa Melayu |
| CHI | Chinese Language |
| PHI | Philippine Language |
| THA | Thai |
| ARA | Arabic |